**EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES IN SEOUL**

**Philippine Overseas Labor Office - OWWA**

**in partnership with the**

**Association of Filipino Educators in Korea (AFEK)**



**ORIGINAL ESSAY WRITING CONTEST**

***PAKSA**: "Katatagan ng Pinoy sa Korea sa Panahon ng Pandemya"*

*Ang mga Pilipino sa Korea, tulad ng iba pa sa iba't ibang parte ng mundo, ay naapektuhan ng COVID sa hindi inaasahang pagkakataon. Naudlot ang mga plano, byahe, pagtipon-tipon, pamumuhay at kabuhayan. Sa pag-iingat para kaligtasan at kalusugan ng bawat isa, nabago ang mga kagawian at nakasanayang gawain ng lahat upang makatulong sa pagbaba ng pandemya.*

*Sa panahong ito, ipinamalas ng mga Pilipino sa Korea ang likas nilang katangian kagaya ng ugaling mapag-kalinga, matatag ang kalooban, mahusay sa maraming bagay, masipag, masayahin, makabayan at mapagmahal sa pamilya at kapwa.*

*Sa pagdiriwang ng araw ng mga migranteng Pilipinong manggagawa sa taong 2021, magkakaroon ng paligsahan ng komposisyon ng orihinal na sanaysay na maglalayong iparating sa malikhaing paraan ang mensahe ng mga naranasang pagbabago, hamon at katatagan ng mga Pilipino sa Korea sa gitna ng pandemya.*

*Inaaanyayahan ang lahat ng mga migranteng Pilipino sa Korea na sumali sa essay writing contest na ito.*

**A. Sino ang puwedeng sumali?**

1. Ang contest na ito ay bukas sa mga Pilipinong kasalukuyang pisikal na naninirahan sa Korea hanggang sa kasalukuyan, liban lamang sa nagtatrabaho sa Embahada.

2. Bawat indibidwal na sasali ay maaari lamang magpasa ng isang entry. *One author, one entry* ang ating ipapatupad.

**B. Paano sumali?**

1. Para sa mga interesadong sumali sa contest na ito, magpalista muna ng pangalan sa alin man sa sumusunod:
   a. **FB Messenger**: POLO-Korea;
   b. **email:** labor@philembassy-seoul.com, o;
   c. **jotform:** https://form.jotform.com/211290102191036

   Maaring hingan kayo ng POLO ng karagdagang impormasyon at padadalhan ng confirmation receipt

2. Pagkatapos magpalista ay magsulat ng isang sanaysay na tumatalakay sa paksa.

3. Ipadala ang entry **(PDF file)** hanggang June 4, 2021, 11:59 PM sa:
   a. **email**: labor@philembassy-seoul.com, o di kaya'y;
   b. **Personal na submission ng softcopy ng file sa opisina ng** *POLO-OWWA* sa oras ng opisina lamang, June 3, 2021, hanggang 4:00 PM KST*:*
      Address: *Embassy of the Republic of the Philippines*
      *17 Hoenamu-ro 42-gil, Yonsan-gu, Seoul 04346*

   Hindi tatanggapin ang mga entries na ipapadala sa pamamagitan ng postal service.

**C. Patakaran at gabay**

1. Tiyaking orihinal at hindi pa nailathala ang ipapadalang entry. Mariing hindi pinapayagan ang *plagiarism*.

2. Sundin ang mga sumusunod na format:
   a. Word processor – MS WORD (any version) at i-convert ito sa **PDF file.**
   b. Font Type – Times New Roman
   c. Font Size – 12
   d. Spacing – Double
   e. Margin – Normal (2.54 cm top, bottom, left & right margins)
   f. Alignment - Justified
   g. Paper Size – A4
   h. Number of Words – 800 to 1,200

3. Language: English o Filipino
   Piliin kung English o Filipino ang gagamitin sa pagsusulat ng essay. Kung Filipino ang gagamitin ay pahihintulutan ang paggamit ng ilang mga salitang English.

4. Ang entry na isa-submit ay may dalawang bahagi – cover page at essay.

   Ang cover page ay naglalaman lamang ng mga sumusunod. Ito ang page 1 ng entry.
   a. Pamagat ng Essay
   b. Pangalan
   c. E-mail
   d. Phone Number

   Ihiwalay ang essay sa cover page. Ang essay ay magsisimula sa page 2
   Note: Huwag isulat ang pangalan o personal na impormasyon sa ano mang parte ng essay.

**D. Criteria for judging**

1. Ang panel of judges ay binubuo ng mga eksperto sa iba't ibang larangan.
2. Sa mga entries, ang essay lamang ang ibibigay sa mga judges, hindi kasama ang cover page. Kaya't maasahan ang patas na pagbibigay nila ng points batay sa mga pamantayan na nakasaad sa ibaba.

| PAMANTAYAN | % |
|---|---|
| **A. NILALAMAN** | 70% |
| Kaugnayan sa paksa (15%) | |

| | |
|---|---|
| Kalinawan sa paglalahad (15%) | |
| Orihinalidad (10%) | |
| Ipinapahayag na aral (30%) | |
| **B. ORGANISASYON** | 20% |
| Kaisahan (10%) | |
| May panimula, gitna at konklusyon (5%) | |
| Transisyon (5%) | |
| **C. MEKANIKS** | 10% |
| Vocabulary/Grammar (5%) | |
| Bantas at Baybay (5%) | |
| **KABUUAN** | 100% |

**E. Prizes**

1. Cash prizes at Certificate of Recognition sa 1st, 2nd and 3rd Prizes
   1st Prize: 500,000 won
   2nd Prize: 300,000 won
   3rd Prize: 200,000 won

2. Token at Certification of Recognition sa 10 pipiliing finalists

3. Certificate of Participation para sa lahat ng nakilahok.

4. Lahat ng mga entries ay mabibigyan ng pagkakataon na mai-publish. Pipiliin ng mga hurado ang mga ipa-publish.

**F. Iba pang impormasyon**

**1.** Ang mananalo ay i-aannounce sa June 13, 2021 sa pagdiriwang ng Migrant Workers' Day 2021 sa Korea.

**2.** Sa iba pang katanungan, tumawag sa numero (+82) 2 37853634/5.

-END-